Tunay na ang demonyo ay nagsabi: "Sumpa man sa kapangyarihan Mo, o Panginoon ko, hindi ako titigil sa pagliligaw ko sa mga lingkod Mo hanggat nananatili ang mga kaluluwa nila sa mga katawan nila." Nagsabi ang Panginoon: "Sumpa man sa kapangyarihan Ko at kapitaganan Ko, hindi Ako hihinto sa pagpapatawad Ko sa kanila hanggat humihingi sila ng tawad sa Akin."

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allāh sa kanya: Tunay na ang demonyo ay nagsabi: "Sumpa man sa kapangyarihan Mo, o Panginoon ko, hindi ako titigil sa pagliligaw ko sa mga lingkod Mo hanggat nananatili ang mga kaluluwa nila sa mga katawan nila." Nagsabi ang Panginoon: "Sumpa man sa kapangyarihan Ko at kapitaganan Ko, hindi Ako hihinto sa pagpapatawad Ko sa kanila hanggat humihingi sila ng tawad sa Akin."

[Maganda] [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Tunay na ang demonyo ay nagsabi: "Sumpa man sa kapangyarihan Mo, o Panginoon ko, hindi ako titigil sa pagliligaw ko sa mga lingkod Mo hanggat nananatili ang mga kaluluwa nila sa mga katawan nila." Nangangahulugan ito: Sumumpa ang demonyo sa kapangyarihan ni Allah na siya ay hindi hihinto sa pagligaw sa mga tao sa buong buhay nila. "Nagsabi ang Panginoon: Sumpa man sa kapangyarihan Ko at kapitaganan Ko, hindi Ako hihinto sa pagpapatawad Ko sa kanila hanggat humihingi sila ng tawad sa Akin." Nangangahulugan ito: Kaya nagsabi ang Panginoon, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, bilang pagsagot sa kanya: "Sumpa man sa kapangyarihan Ko at kapitaganan Ko, hindi Ako hihinto sa pagpapatawad Ko sa kanila hanggat nanatili silang humihiling mula sa Akin ng kapatawaran sa mga pagkakasala nila."

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8305